

Hulyo 12, 2022

Kautusang Tagapagpaganap 2022-16

**KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2022-16**  
**(KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP PARA SA COVID-19 BLG. 109)**

**SAPAGKAT**, ang pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng mga taga-Illinois ay kabilang sa pinakamahalagang tungkulin ng pamahalaan ng Estado; at,

**SAPAGKAT**, mula noong Marso 2020, ang Illinois ay naharap sa isang pandemya na nagdulot ng pambihirang sakit at pagkawala ng buhay, na dinapuan ang higit sa 3,480,000, at kumitil ng buhay ng higit sa 34,200 na mga residente; at,

**SAPAGKAT**, habang patuloy na tumutugon ang Illinois sa sakuna sa pampublikong kalusugan na dulot ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang bagong malubha at matinding karamdaman sa paghinga na mabilis na kumakalat sa pamamagitan ng transmisyon sa respirasyon, ang pasanin sa mga residente, mga tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan, mga unang tagatugon, at mga pamahalaan sa buong Estado ay walang uliran; at,

**SAPAGKAT**, maraming variant ang lumitaw sa panahon ng pandemya at patuloy na lumilitaw, bawat isa ay may iba't ibang paghawa at antas ng kalubhaan; at,

**SAPAGKAT**, ang paghula sa kung ano ang mangyayari sa hinaharap sa pandemyang ito ay patuloy na isang mahirap na trabaho, at ang mga napatunayang mitigasyon sa pandemya tulad ng pisikal na pagdidistansya, mga pantakip sa mukha at iba pang pag-iingat sa pampublikong kalusugan ay patuloy na gumagana upang mapabagal at matigil ang pagkalat ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang Centers for Disease Control and Prevention (CDC) ay naglabas ng binagong patnubay noong Pebrero 25, 2022 upang alisin ang rekomendasyon nito para sa unibersal na pagsusuot ng mask sa loob, kasama ang mga setting ng K-12; at,

**SAPAGKAT**, ang patnubay na iyon ay nagbigay ng balangkas para sa pagtatantiya ng mga antas ng COVID-19 sa komunidad batay sa mga pagkakaospital dahil sa COVID-19, pagkakaroon ng kama para sa inpatient, at bilang ng mga kaso ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang kasalukuyang patnubay ng CDC ay nagrerekomenda ng unibersal na pagsusuot ng mask sa mga komunidad lamang na may mataas na antas ng COVID-19; at

**SAPAGKAT**, patuloy na nagpapayo ang CDC na ang ilang mga setting ng komunidad, tulad ng mga paaralan at mga komunal na setting na may mataas na panganib ay maaaring mangailangan ng karagdagang mga layer ng pag-iingat batay sa mga katangian ng setting at kung sakaling magkaroon ng outbreak; at,

**SAPAGKAT**, kahit na walang utos ng Estado, maaaring piliin ng mga K-12 na paaralan, mga pasilidad ng pangangalaga ng bata, at iba pang mga setting na hilingin sa mga indibidwal na magsuot ng mga face mask batay sa antas ng COVID-19 sa komunidad at iba pang mga katangian ng setting; at,

**SAPAGKAT**, ang mga bakuna sa COVID-19 ay epektibo upang maiwasan ang sakit na COVID-19, lalo na ang matinding karamdaman at pagkamatay, ngunit may bahagi ng populasyon ang nananatiling hindi nabakunahan at ang ilang mga residente, kabilang ang mga batang wala pang anim na buwang gulang, ay hindi pa makakatanggap ng bakuna; at,

**SAPAGKAT**, ang ilang mga employer ay pumasok sa mga collective bargaining agreement na patuloy na nag-aatas sa mga indibidwal na magsuot ng face mask sa ilang partikular na setting; bilang karagdagan sa iba pang mga hakbang sa mitigasyon; at,

**SAPAGKAT**, patuloy na inirerekomenda ng CDC na ikonsidera ng mga indibidwal na immunocompromised o nasa mataas na panganib para sa malubhang sakit ang pagsusuot ng angkop na mask sa loob ng mga pampublikong lugar kapag mataas ang antas ng COVID-19 sa komunidad; at,

**SAPAGKAT**, patuloy na inirerekomenda ng CDC na magsuot ng mask ang mga tao na may mga sintomas, positibong test, o pagkaka-expose sa isang tao na may COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, maaaring piliin ng mga indibidwal na magsuot ng mask anumang oras upang maprotektahan ang kanilang sarili o ang mga nakapaligid sa kanila mula sa pagkalat ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, patuloy na inirerekomenda ng patnubay ng CDC na ang mga indibidwal na hindi up-to-date sa mga pagbabakuna sa COVID-19 o nasa loob ng 90 araw ng impeksyon sa COVID-19 ay manatili sa bahay at mag-quarantine nang hindi bababa sa 5 araw pagkatapos ng pagkaka-expose sa COVID-19 at magsuot ng mask hanggang ika-10 araw; at,

**SAPAGKAT**, patuloy na inirerekomenda ng patnubay ng CDC na ang mga indibidwal na nagpositibo sa COVID-19 ay manatili sa bahay at mag-isolate nang hindi bababa sa 5 araw pagkatapos magpositibo at magsuot ng mask hanggang sa ika-10 araw; at,

**SAPAGKAT**, ang CDC ay patuloy na nagrerekomenda na ang mga mag-aaral, guro, at kawani ay dapat manatili sa bahay kapag mayroon silang mga palatandaan ng anumang nakakahawang sakit, kabilang ang COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang mga paaralan ay dapat na patuloy na makipagtulungan sa kanilang mga lokal na departamento ng kalusugan upang matukoy, alinsunod sa patnubay ng CDC, kung aling mga mag-aaral, guro, at kawani na may mga positibong resulta o pagkaka-expose sa COVID-19 ang dapat manatili sa bahay para sa kalusugan at kaligtasan ng komunidad ng paaralan; at,

**SAPAGKAT**, ang mga pederal na Centers for Medicare and Medicaid Services (CMS) ay patuloy na hinihiling sa mga kawani na nasa pederal na sertipikado na mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na maging ganap na mabakunahan laban sa COVID-19, at mariing inirerekomenda sa mga kawani na nasa pederal na sertipikado na Mga Pasilidad ng Pangmatagalang Pangangalaga at Skilled Nursing na maging up-to-date sa mga pagbabakuna sa COVID-19; at

**SAPAGKAT**, hinihiling ng CMS na ang mga kawani na nasa mga pasilidad ng Pangmatagalang Pangangalaga at Skilled Nursing na hindi up-to-date sa kanilang mga pagbabakuna ay masuri nang kahit isang beses bawat linggo kung ang antas ng transmisyong ng COVID-19 sa komunidad ay katamtaman, at hindi bababa sa dalawang beses bawat linggo kung ang antas ng transmisyong ng COVID-19 sa komunidad ay malaki o mataas; hindi kinakailangan ang lingguhang pagpapasuri kung mababa ang antas ng transmisyong ng COVID-19 sa komunidad; at

**SAPAGKAT**, bilang karagdagan sa pagiging sanhi ng malagim na pagkawala ng 34,200 na mga taga-Illinois at negatibong pinsala sa pisikal na kalusugan ng sampu-sampung libong iba pa, ang COVID-19 ay nagdulot ng malawakang kawalan sa ekonomiya at patuloy na nagbabanta sa kagalingan ng pananalapi ng isang makabuluhang bilang ng mga indibidwal at mga negosyo sa buong bansa at sa Estado; at,

**SAPAGKAT**, maraming mga ehekutibong ahensya sa Estado ang patuloy na itinutuon ang kanilang limitadong pinagkukunang-yaman sa nagpapatuloy na tugon sa pandemya ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, noong Hunyo 24, 2022, bilang pagsasaalang-alang sa inaasahang patuloy na pagkalat ng COVID-19 at ang patuloy na epekto nito sa kalusugan at ekonomiya na madarama sa darating na buwan ng mga tao sa buong Estado, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at

**SAPAGKAT**, bilang tugon sa emerhensiyang epidemya at emerhensiya ng pampublikong kalusugan na inilarawan sa itaas, nakita ko na kinakailangang muling ilabas at baguhin ang mga Kautusang Tagapagpaganap 2020-12 at 2021-22, at sa pamamagitan nito ay isinasama ang mga SAPAGKAT na mga sugnay ng mga Kautusang Tagapagpaganap na iyon;

**SAMAKATWID**, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ipinagkaloob sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa Konstitusyon ng Illinois at mga Seksyon 7(1), 7(2), 7(3), 7(8), 7(9), at 7(12) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, at naaayon sa mga kapangyarihan ng mga batas sa pampublikong kalusugan, iniutos ko ang mga sumusunod, simula Hulyo 12, 2022:

### **Bahagi 1: Muling Paglabas ng mga Kautusang Tagapagpaganap 2020-12 at 2021-22.**

Ang mga Kautusang Tagapagpaganap 2020-12 at 2021-22 ay muling inilabas at binago bilang sumusunod:

#### **Kautusang Tagapagpaganap 2020-12 (Mga background check para sa manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan):**

Ang Seksyon 1 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-12 ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Hulyo 24, 2022**. Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-12 ay dapat ipawalang-bisa nang hindi lalampas sa Setyembre 22, 2022.

#### **Kautusang Tagapagpaganap 2021-22 (Mga kinakailangan sa pagbabakuna at pagsusuri):**

Ang mga Seksyon 2, 3, 5, 6, 7, 8, at 9 ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-22, na inamyendahan ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-23, Kautusang Tagapagpaganap 2021-27, at Kautusang Tagapagpaganap 2022-05, ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Hulyo 24, 2022**.

Ang Seksyon 4 ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-22 ay pinawalang-bisa.

Ang Seksyon 2 ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-22 ay inamyendahan pa at binago gaya ng sumusunod:

a. Mga Depinisyon

- ii. Ang “Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan” ay nangangahulugang anumang institusyon, gusali, o ahensya, o bahagi ng isang institusyon, gusali o ahensya, pampubliko man o pribado (pangkalakal o hindipangkalakal), na ginagamit, pinamamahalaan o dinisenyo upang magbigay ng mga serbisyong pangkalusugan, medikal na panggagamot o pangangalaga, o panunumbalik o pang-iwas na pangangalaga sa sinumang tao o mga tao. Sinasaklaw nito ang, ngunit hindi limitado sa, mga ambulatory surgical treatment center, mga hospisyo, ospital, mga tanggapan ng manggagamot, mga parmasya, mga serbisyong medikal na pang-emerhensiya, mga sasakyan na lisensyado

~~ng IDPH para sa serbisyong medikal na pang-emerhensiya, mga tanggapan ng kiropraktiko, tanggapan ng dental, mga free-standing emergency center, mga pasilidad ng kagyat na pangangalaga, mga birth center, mga pasilidad ng pangangalaga sa paggaling pagkatapos ng operasyon, mga pasilidad ng end-stage renal disease, mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga (kabilang ang mga pasilidad ng skilled at intermediate na pangmatagalang pangangalaga na lisensyado sa ilalim ng Nursing Home Care Act, ng ID/DD Community Care Act o ng MC/DD Act), Specialized Mental Health Rehabilitation Facilities, mga pasilidad ng assisted living, pasilidad ng supportive living, pasilidad ng tulong medikal, mga sentro ng kalusugang pangkaisipan, mga pasilidad ng outpatient, mga sentro ng pampublikong kalusugan, mga pasilidad ng rehabilitasyon, pasilidad ng residensyal na panggagamot, at mga sentro para sa pangangalaga ng nakatatanda. Ang terminong “Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan” ay hindi saklaw ang anumang mga pasilidad na pagmamay-ari o pinamamahalaan ng Estado.~~

- c. Ang mga Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan ay dapat ibukod ang mga Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan na hindi ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 mula sa lugar maliban kung sumunod sila sa mga kinakailangan sa pagsusuri na tinukoy sa Subseksyon (d) o (h).
- e. Ang mga indibidwal ay hindi kasama mula sa anumang kinakailangan upang maging ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 kung (1) ang pagbabakuna ay medikal na kontraindikado, kabilang ang sinumang indibidwal na karapat-dapat sa isang akomodasyon sa ilalim ng Americans with Disabilities Act o anumang ibang batas na naaangkop sa isang makatuwirang akomodasyon na nauugnay sa kapansanan, o (2) ang pagbabakuna ay mangangailangan sa indibidwal na labagin o talikuran ang matapat na pinanghahawakan na paniniwala sa relihiyon, kaugalian, o pagtalima nito. Ang mga indibidwal na nagpapatunay na sila ay hindi kasama sa kinakailangan sa pagbabakuna ay dapat sumailalim, ~~sa minimum,~~ sa lingguhang pagpapasuri tulad ng nakasaad sa Subseksyon (d) o (h).
- h. Sa kabila ng anumang ibang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, simula Hulyo 12, 2022:
  - i. Ang mga Manggagawa sa Pangangalaga ng Kalusugan na nasa mga pasilidad ng skilled nursing at intermediate care na lisensyado sa ilalim ng Nursing Home Care Act, sa mga pasilidad na lisensyado sa ilalim ng ID/DD Community Care Act, at sa mga pasilidad na lisensyado sa ilalim ng MC/DD Act na hindi up-to-date sa mga pagbabakuna sa COVID-19 ay dapat sumailalim sa pagsusuri isang beses bawat linggo kung ang Antas ng Transmisyon ng COVID-19 sa Komunidad ay katamtaman at dalawang beses bawat linggo kung ang Antas ng Transmisyon ng COVID-19 sa Komunidad ay malaki o mataas. Kung mababa ang Antas ng Transmisyon ng COVID-19 sa Komunidad, hindi kinakailangan ang lingguhang pagpapasuri.
  - ii. Ang mga Manggagawa sa Pangangalaga ng Kalusugan na nasa mga ospital at anumang iba pang pasilidad ng pangangalaga sa kalusugan na sertipikado ng Centers for Medicare and Medicaid Services bilang nakakatugon sa mga pederal na alituntunin upang lumahok sa programa ng Medicare/Medicaid gaya ng inirerekomenda ng ahensya ng survey ng estado, na hindi pa ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 ay dapat sumailalim sa pagsusuri isang beses bawat linggo kung ang Antas ng Transmisyon ng COVID-19 sa Komunidad ay mataas. Kung ang Antas ng Transmisyon ng COVID-19 sa Komunidad ay mababa, katamtaman, o malaki, hindi kinakailangan ang lingguhang pagpapasuri.

- iii. Para sa mga layunin ng subseksyon (h), ang “Antas ng Transmisyon ng COVID-19 sa Komunidad” ay gaya ng tinukoy at itinakda ng Centers for Disease Control and Prevention.

**Bahagi 2: Pangligtas na Sugnay.** Kung ang anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o kalagayan ay ituturing na walang bisa ng anumang korte na may karampatang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa nito ay hindi nakakaapekto sa iba pang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring mabigyan ng bisa nang wala ang imbalidong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklara na maaaring ihiwalay.

---

**JB Pritzker, Gobernador**

Inisyu ng Gobernador Hulyo 12, 2022  
Inihain sa Kalihim ng Estado Hulyo 12, 2022